Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7:6

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG ENERO 26, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Kag. Oscar F. Feliciano ........ | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 008-T2009
## KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGSUSUSOG SA SEKSYON 1, 2 AT 3 NG KAUTUSANG BAYAN BLG. 22-T2008 HINGGIL SA PAGTATAKDA NG PASAHE SA TRAYSIKEL SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

**SAPAGKA'T,** binigyang-pansin at pagpapahalaga ng Kagalang-galang sangguniang ito ang pagtugon sa pangangailangan ng pamayanan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pamamaraang makabubuti at makapagpapagaan sa mga suliraning pangkabuhayang hinaharap sa kasalukuyan;

**SAPAGKA'T**, dala ng patuloy na pagbaba sa halaga ng petrolyo, maraming mga mamamayan ang umaasa sa pagbaba ng pasahe sa sasakyang pampubliko, partikular ay ang traysikel;

**SAPAGKA'T,** may panukala ang Lupon sa Transportasyon ng sangguniang ito na magtakda ang Sangguniang Bayan ng bagong pasahe sa traysikel kasangguni ang pederasyon ng samahan ng mga magta-traysikel sa bayang ito;

**SAPAGKA'T**, nakapaloob sa Seksyon 16 ng Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na magamit at magampanan ang kapangyarihan ng pamahalaang lokal para sa mahusay at mabisang pamamalakad tungo sa pangkalahatang kagalingan ng kanyang nasasakupan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Oscar F. Feliciano (Tagapamuno ng Lupon sa Kapayapaan / Transportasyon at Batas-Trapiko), na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Isagani R. Malapaya at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na :

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 03-T2009
## KAUTUSANG SUMUSUSOG SA SEKSYON 1, 2 AT 3 NG KAUTUSANG BAYAN BLG. 22-T2008 HINGGIL SA PAGTATAKDA NG PASAHE SA TRAYSIKEL SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg.Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Baguhin at itakda ang bagong pasahe sa traysikel na sa halip na:

"Seksyon 1 - Itinatakda ang halagang P10.00 sa unang kilometro bilang bagong pasahe sa traysikel at karagdagang P1.50 sa bawat susunod na kilometro"

ay gawing tulad ng sumusunod:

Itinatakda ang bagong pasahe sa traysikel sa halagang P8.00 at karagdagang P1.00 sa bawat susunod na kilometro.

**SEKSYON 2** – Baguhin ang mga singilin bilang pasahe sa traysikel na sa halip na:

"Seksyon 2 – Ipatutupad ang mga sumusunod na pasahe sa traysikel:

a. Kinder/ Elementarya – P7.00 sa unang kilometro at karagdagang P1.50 sa bawat susunod na kilometro.
b. High School / Kolehiyo – P8.00 sa unang kilometro at karagdagang P1.50 sa bawat susunod na kilometro.
c. Senior Citizen – (P10.00 less 20% diskwento) P8.00 sa unang kilometro at karagdagang P1.50 sa bawat susunod na kilometro."

ay gawing tulad ng mga sumusunod:

a. Kinder/ Elementarya – P5.00 sa unang kilometro at karagdagang P1.00 sa bawat susunod na kilometro.
b. High School / Kolehiyo – P6.00 sa unang kilometro at karagdagang P1.00 sa bawat susunod na kilometro.
c. Senior Citizen – P6.00 sa unang kilometro at karagdagang P1.00 sa bawat susunod na kilometro.

**SEKSYON 3** – Baguhin ang ipapaskel na singil sa pasahe (matrix fare- TARIMA) at kanilang pagkakakilanlan, na sa halip na:

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

**TARIMA**
**SA TRICYCLE**

| | |
|---|---|
| Pasahe | **P10.00** |
| Estudyante | |
| 1. Kinder / Elementarya | P 7.00 |
| 2. High School / College | 8.00 |
| Senior Citizen (P10.00 less 20% discount) | 8.00 |
| Karagdagang halaga sa bawat susunod na kilometro | 1.50 |

Anumang paglabag sa mga probisyon na kasama ito ay saklaw ng Kautusang Bayan Blg. 004-T'06.

PINAGTIBAY:
SANTA CRUZ FRANCHISING BOARD

ay gawing tulad ng mga sumusunod :

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# BAGONG T A R I M A SA TRICYCLE

| | |
|---|---|
| Pasahe | **P8.00** |
| Estudyante | |
| 1. Kinder / Elementarya | P 5.00 |
| 2. High School / College | 6.00 |
| Senior Citizen | 6.00 |
| Karagdagang halaga sa bawat susunod na kilometro | 1.00 |

Anumang paglabag sa mga probisyon na kasama ito ay saklaw ng Kautusang Bayan Blg. 004-T'06.

PINAGTIBAY:

**SANGGUNIANG BAYAN**

**SEKSYON 4** – Ang anumang kautusang bayan na sumisinsay sa kautusang ito ay pinawawalang-bisa.

**SEKSYON 5** – Anumang paglabag sa mga probisyong nakapaloob sa kautusang ito ay saklaw ng Kautusang Bayan Blg. 004-T'06. (Seksyon 23 ng Batas-Trapiko – Paglalagay ng tarima at Seksyon 24 –Paniningil nang sobra sa itinakda ng batas).

**SEKSYON 6** - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, SCTMO, Kagawaran ng Pulisya, mga Punong Barangay, mga paaralang pribado at publiko, Pederasyon ng mga Senior Citizens at Pederasyon ng mga Magtatraysikel, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahan / kautusang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**KGG. RAMON D. TAN**
Kagawad

**KGG. JUN M. ASINAS**
Kagawad

**KGG. ROMULO A. ELCA**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**KGG. OSCAR F. FELICIANO**
Kagawad

**KGG. ISAGANI R. MALAPAYA**
Kagawad

**KGG. JOHN CARLOS C. DELOS REYES**
Kagawad

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# BAGONG TARIMA
## SA TRICYCLE

| | |
|---|---|
| **Pasahe** | **P8.00** |
| **Estudyante** | |
| **1. Kinder / Elementarya** | **P 5.00** |
| **2. High School / College** | **6.00** |
| **Senior Citizen** | **8.00** |
| Karagdagang halaga sa bawat susunod na kilometro | **1.00** |

Anumang paglabag sa mga probisyon na kasama ito ay saklaw ng Kautusang Bayan Blg. 004-T'06.

PINAGTIBAY:

**SANGGUNIANG BAYAN**

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

BAGONG TARIMA
SA TRICYCLE

Pasahe P8.00
Estudyante
1. Kinder / Elementarya P 5.00
2. High School / College 6.00
Senior Citizen 8.00
Karagdagang halaga sa bawat susunod na kilometro 1.00

Anumang paglabag sa mga probisyon na kasama ito ay saklaw ng Kautusang Bayan Blg. 004-T'06.

PINAGTIBAY:

SANGGUNIANG BAYAN

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

BAGONG TARIMA
SA TRICYCLE

Pasahe P8.00
Estudyante
1. Kinder / Elementarya P 5.00
2. High School / College 6.00
Senior Citizen 8.00
Karagdagang halaga sa bawat susunod na kilometro 1.00

Anumang paglabag sa mga probisyon na kasama ito ay saklaw ng Kautusang Bayan Blg. 004-T'06.

PINAGTIBAY:

SANGGUNIANG BAYAN

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 808-1008

## OFFICE OF THE MAYOR

2-05-09

**1st Endorsement**
February 4, 2009

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. Jeanette P. Alfonso**, *Secretary*, the herewith attached **Kapasiyahan Blg. 009, 010, 011 and 012 – T' 2009**, duly approved by the undersigned.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor

ATM/SLJ/maica